Republic of the Philippines
**Civil Service Commission**
Constitution Hills, Batasang Pambansa Complex, Diliman 1126 Quezon City

100 Years of Service;
Civil Service at Its Best.
Mamamayan Muna

MC No. 8, s. 2009

**MEMORANDUM CIRCULAR**

**SA : LAHAT NG PINUNO NG MGA INSTITUSYONG KONSTITUSYONAL, MGA KAGAWARAN, KAWANIHAN AT AHENSIYA SA PAMAHALAANG PAMBANSA AT LOKAL, MGA KORPORASYONG PAG-AARI AT KONTROLADO NG GOBYERNO, AT PAMPAMAHALAANG PAMANTASAN AT KOLEHIYO.**

**PAKSA : Pagdiriwang ng Araw ni Francisco "Balagtas" Baltazar**

Alinsunod sa Proklamasyon Blg. 964 ng Pangulo ng Pilipinas, ang Komisyon Sa Wikang Filipino (KWF) ang mangunguna sa pagdiriwang ng ika-220 taon ng kapanganakan ni Francisco "Balagtas" Baltazar. Tuwing ika-2 ng Abril ng taon ay ginugunita at ipinagdiriwang sa buong bansa ang Araw ni Francisco "Balagtas" Baltazar. Ang paksa ng kasalukuyang pagdiriwang ay "Si Balagtas sa Kapayapaang Panlahat".

Ang layunin ng pagdiriwang ay muling balikan sa alaala ang mga nagawa ni Francisco "Balagtas" Baltazar sa bansa partikular sa larangan ng panitikan, ang kanyang mga naging obra na ginagamit ngayon bilang aralin sa panitikan mula sa mataas na paaralan hanggang sa kolehiyo.

Iminumungkahi ang sumusunod na gawain para sa pagdiriwang na ito:

a. Pagdaraos ng maikling palatuntunan para sa pag-aalala sa mga nagawa ni Francisco "Balagtas" Baltazar;
b. Baliktanaw sa talambuhay ni "Balagtas" bilang bayaning makawika at makabayan;
c. Pagbasa sa mga mahahalaga at makukulay na bahagi ng kaisipan sa kanyang obrang "Florante at Laura"; at
d. Pagdaraos ng Timpalak sa Pagbasa ng Tula na sinulat ni "Balagtas".

Upang malubos ang tagumpay ng pagdiriwang, ang lahat ng sangay ng pamahalaan ay hinihiling ang sama-samang paghahanda at pagdaraos sa mga gawaing itinakda.

Maari kayong tumawag sa KWF, tel. blg. 7362525 at 7363830 sa anumang katanungan o suhestiyon sa nabanggit na pagdiriwang.

**RICARDO L. SALUDO**
Tagapangulo

27 Pebrero, 2009